

PUREWATER

SOUTHERN CALIFORNIA

Ulat sa Proseso ng Pagsusuri sa Epekto ng Kapaligiran Paano Lalahok



Opo!

Ang EIR na Pagsusuri ba ay para sa mga miyembro ng komunidad na kagaya ko?

Ikaw!

Opo, ikaw! Kasama ang iyong pamilya, mga kapitbahay at mga kaibigan, ay hinihikayat na lumahok sa prosesong EIR na pagsusuri ng Pure Water Southern California. May kaalaman ka sa iyong komunidad, sa mga posibleng epektong lokal, at sa mga alalahanin kaya gusto naming matiyak na ikaw ay kasali or maisaalang-alang. Ang iyong perspektibo at opinyon ay mahalaga.

Ano ang Pure Water Southern California?

Ang Pure Water Southern California ay isang programang pagre-recycle ng tubig na magbibigay ng isang bagong nasusustenang tustos ng tubig para sa rehiyon.

Ang Pure Water Southern California ay makakalikha nang hanggang 150 milyong galon ng dinalisay na tubig araw-araw – na sapat na para sa 1.5 na milyong tao. Isa itong pakikipagtuwangan sa pagitan ng Distrito ng The Metropolitan Water ng Southern California at ng Distrito ng Los Angeles County Sanitation.

Gaano Katagal Ang Panahon Na Mayroon Ako?

Isumite ang iyong mga komento ukol sa pagsusuri bago mag **Nobyembre 14, 2022.**

Ano ng Prosesong EIR na Pagsusuri?

Ang unang bahagi ng prosesong pagbabalik-aral ukol sa kapaligiran ay ang bahaging “pagsasaklaw”, kung saan lilikhain ang masasaklaw ng EIR. Ang bahaging pagsasaklaw ay pasisimulan sa pamamagitan ng isang Pabatid ukol sa Paghahanda na magpapabatid sa mga pampublikong ahensiya at mga interesadong partido, kabilang ang mga miyembro ng publiko, na ang isang EIR ay ihahanda. Ang mga uri ng mga isyung pangkapaligiran, mga tanong, at mga alalahanin na pag-aaralan sa EIR ay tutukuyin sa panahon ng naturang pagsasaklaw.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mangyaring bisitahin ang aming website sa www.mwdh2o.com/purewater. Makakapagpadala ka rin sa amin ng email sa purewater@mwdh2o.com o tumawag sa **213-217-7262**.

Para sa karagdagang impormasyon:

Bisitahin ang aming website sa www.mwdh2o.com/purewater



THE METROPOLITAN WATER DISTRICT OF SOUTHERN CALIFORNIA



LOS ANGELES COUNTY SANITATION DISTRICTS
Converting Waste Into Resources

Paano ako lalahok?

Lumahok sa pamamagitan ng tatlong hakbang na ito!

PUREWATER
SOUTHERN CALIFORNIA

OUR WATER | OUR FUTURE

Hakbang #1



Dagdagan ang kaalaman tungkol sa Pure Water Southern California, kabilang na ang kung mayroon ba sa alinman sa mga iminumungkahing pasilidad at mga daanang tubo ang malapit sa o nasa iyong komunidad.

- Pag-aralang muli ang Pabatid ukol sa Paghahanda na makikita sa website ng Pure Water Southern California, kung saan kasama ang impormasyon tungkol sa Pure Water at ang lokasyon ng mga iminumungkahing pasilidad.
- Bisitahin ang website ng Pure Water Southern California.
- Dumalo sa isang birtwal na pampublikong pagpupulong ukol sa pagsasaklaw at/o sa isang kaganapan sa komunidad. Ang mga petsa, mga oras, at mga lokasyon ng mga naturang kaganapang ito ay ilalagay sa aming website. May karagdagang impormasyon na makikita sa Hakbang 3 sa ibaba.

Hakbang #2



Ihanda ang mga komento mo kaugnay ng pagsasaklaw.

Kapag naghahanda ng iyong mga komento kaugnay ng pagsasaklaw, isaalang-alang kung paanong ang Pure Water Southern California ay maaaring makaapekto sa mga komunidad at sa kapaligiran. Isipin ang tungkol sa konstruksyon at mga pangmatagalang-panahong mga operasyon ng mga pasilidad at ilarawan ang anumang mga tukoy na pananaw na naiisip mo. Mangyaring ibahagi rin ang anumang mga ideya ukol sa mga alternatibo at mga estratehiya na maaaring makatulong na makabawas sa mga posibleng epekto.

Kabilang sa mga posibleng paksa na isasaalang-alang ang: Aestetika, Agrikultura at Panggugubat, Kalidad ng Hangin, Mga Mapagkukunang Bayolohikal, Enerhiya, Mga Emisyong Greenhouse Gas, Mga Panganib at Mapapanganib na mga Materyal, Hydrology at Kalidad ng Tubig, Paggamit at Pagpapalano ng Lupain, Geology at Mga Lupa (kabilang ang Paleontological/ Mga Mapagkukunan), Mga Mapagkukunan ng Mineral, Ingay, Populasyon at Pabahay, Mga Pampublikong Serbisyo, Libangan, Transportasyon, Mga Mapagkukunang Pang-tribong Pang-kultural, Mga Sistemang Pang-utilidad at Pang-serbisyo, at Napakalaking Sunog.

Hakbang #3



Isumite ang iyong mga komento kaugnay ng pagsasaklaw.



Magpadala ng email sa ep@mwdh2o.com at gamitin ang Pure Water Southern California sa linya para sa paksa



Ipadala sa koreo kay

Ms. Ana Reyes
The Metropolitan Water District of Southern California
Environmental Planning Section
P.O. Box 54153
Los Angeles, CA 90054-0153



Magsumite sa pamamagitan ng isang online na portal para sa komento na nasa website ng Pure Water Southern California



Magbigay ng mga komentong berbal sa pamamagitan ng pagdalo sa isang birtwal na pampublikong pagpupulong para sa pagsasaklaw. Mayroong tao na magsasalin sa Espanyol. Maaring magbigay ng mga tao na magsasalin sa iba pang mga wika kung hihilingin. Mangyaring ipadala sa pamamagitan ng e-mail ang iyong mga pangangailangang may kaugnayan sa wika sa purewater@mwdh2o.com sa loob nang hindi na bababa pa sa 72 oras bago ang pagpupulong.

Birtwal na Pampublikong Pagsasaklaw
Mga Petsa At Mga Oras Ng Pagpupulong:

Miyerkules, Oktubre 12, 6 p.m.

Martes, Oktubre 18, 12 p.m.

Huwebes, Oktubre 27, 7 p.m.

Sabado, Oktubre 29, 10 a.m.

Bisitahin ang aming booth sa isang kaganapan sa komunidad na malapit sa iyo:

Sabado, Oktubre 1, Carson Jazz Festival
Anderson Park

Biyernes, Oktubre 7, Azusa Golden Days Festival
Memorial Park

Sabado, Oktubre 15, Water Fest
Arcadia County Park

Sabado, Oktubre 22, Water Harvest
Edward C. Little Water Recycling Facility, El Segundo

Huwebes, Nobyembre 3, Long Beach Uptown
Farmers Market
Atlantic Ave & E. 46th St

Ano ang mga hakbang sa Proseso ng Pagbabalik-aral ukol sa Kapaligiran?

Sa panahon ng pagbabalik-aral ukol sa kapaligiran, ang mga Distrito ng Metropolitan at Sanitation ay maghahanda ng isang EIR. Kasama sa pagsasaayos ng EIR ang tatlong pangunahing mga hakbang at mga pagkakataon upang makalahok ang publiko.

#1



Pagsasaklaw – Sa panahon ng bahaging ito, ang mga uri ng mga isyung pangkapaligiran, mga tanong, at mga alalahanin na pag-aaralan sa masasaklaw ng EIR ay tutukuyin. Ang mga ideya at mga perspektibo ay mahalaga sapagkat ang ibibigay na mga komento ay isasaalang-alang sa paghahanda ng Balangkas ng EIR. Ang Pagsasaklaw ay nakatakda sa Setyembre 30 – Nobyembre 14, 2022.

#2



Balangkas ng EIR – ang balangkas ng ulat ay isasapubliko para sa pagbabalik-aral upang magkaroon ang mga miyembro ng komunidad ng pagkakataon na makapagbigay ng mga ideya at mga komento. Ang mga kawani ng Metropolitan ay magbabalik-aral ng mga komento, maghahanda ng mga sagot, at babaguhin ang EIR ayon sa pangangailangan. Ang paglalabas ng naturang Balangkas ng EIR ay pinaplanong gawin sa Tag-init ng 2023.

#3



Pinal na EIR – ang Lupon ng mga Direktor sa Metropolitan ay magbabalik-aral at magsasaalang-alang ng sertipikasyon ng isang Pinal na EIR sa panahon ng isang pagpupulong ng lupon, na magiging bukas para sa publiko. Ang Sertipikasyon ng naturang Pinal na EIR ay pinaplanong gawin sa maagang bahagi ng 2024.

Para sa karagdagang impormasyon: Bisitahin ang aming website sa www.mwdh2o.com/purewater

